TOMO 9 BILANG 9 | ISSN NO. 2599-5405 | SETYEMBRE 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI




*Nagbigay ng talumpati ng pasasalamat si CMDI Bay Campus Magna Cum Laude Edrian Banania (pinakakanan) bilang Class 2022 Outstanding Student. Si Banania ay tinanggap ng CARD MRI bilang isa sa mahigit 16,000 kawani nito sa buong bansa.*

# CMDI AY 2021-2022 nagtapos;

## Pagpapatala sa bagong taon ng panuruan, nagbukas!

***ni Tricia Mandigal***

**Isinagawa ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) Inc. ang kanilang *graduation ceremony* na may temang "CMDI Graduates: Pursuing Dreams and Fostering Resilience in the Face of Adversity" para sa dalawang kampus nito sa Bay, Laguna at Tagum City, Davao del Norte noong Hulyo 22 at Hulyo 26, 2022, ayon sa pagkakabanggit.**

Mula sa Bay Campus nito, mayroon itong kabuuang 135 *SHS students* at 198 *college students* na mga nagsipagtapos. Samantala, mayroong kabuuang 242 *SHS Students* at 138 *college students* na mga nagsipagtapos sa Tagum Campus para sa Taong Panuruan 2021-2022.

N a g i n g *commencement speakers* din sa pagtatapos ng *academic year* sa CMDI Bay campus si UP Los Baños Chancellor Jose V. Camacho, Jr. at DepEd Tagum City Superintendent Dr. Josephine L. Fadul para naman sa CMDI Tagum *campus*.

Sa pagsasara ng panuruan, panibagong taon ng panuruan ang muling nagbukas. Dahil sa layunin nitong makapag-ambag sa pagpuksa ng

2

## BAGONG ULAT

### CARD MRI, NAGSAGAWA NG MEDIA LAKBAY-ARAL SA LAGUNA

***ni Victor Angelo Aranza***

Pagkatapos ng matagumpay na Media Lakbay-Aral sa Tagum City, ibinalik ng CARD MRI ang Lakbay-Aral nito sa Laguna noong Hulyo 28 hanggang 29, 2022.

Sa layunin nitong maipakilala ang higit pang pagsusumikap sa pagpapaunlad ng

2

## KWENTONG TAGUMPAY

### ISANG BASKET NG PAGPAPALA

***ni Harlene Joy Reyes***

Katulad ng lahat ng nanay, pangarap ni Mary

3



*We need to push financial inclusion to facilitate peace and development in Muslim Mindanao. Providing Shariah-compliant financial services to Muslim communities will address the deleterious economic effects of Bangsamoro's half a century of conflict.*

***To read more, please scan the QR code.***

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Saan-saang mga lugar sa bansa nagbukas ang BotiCARD ng dalawang parmasya?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CMDI AY 2021-2022 nagtapos... 1

kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng dekalidad at abot-kayang edukasyon, nag-aalok ang CMDI ng libreng *tuition fee* sa lahat ng nakapagtapos ng *grade* 10 mula sa mga pampublikong paaralan ng sekondarya.

Ang alok na ito ay para sa *Senior High School* na may mga *track* ng Accounting and Business Management (ABM), Information and Communications Technology (ICT), at Home Economics (HE).

Ang CMDI ay mayroon ding pinakamababang paunang bayad para sa mga papasok na mag-aaral sa kolehiyo at hindi kabilang sa *Qualified Voucher Recipient Senior High School*. Sa halagang PhP 99, ang mga mag-aaral ay mas malapit na sa pag-abot ng mas magandang kinabukasan. Para sa mga kurso sa kolehiyo, ang CMDI ay nag-aalok ng BS Entrepreneurship major in Microfinance, BS Accountancy, BS Information System, BS Tourism para sa parehong mga kampus, at BS Accounting Information System, na magagamit lamang sa Bay Campus. Available din ang Technical-Vocational sa CMDI Bay Campus na isang *accredited assessment center* para sa *Microfinance Technology* para sa NC II Program.

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG MEDIA LAKBAY... 1

komunidad ng CARD MRI at mga institusyon nito, inanyayahan ng organisasyon ang mga *media practitioner* para sa isang lakbay-aral na nagbibigay sa mga kalahok nito ng pagkakataong makipag-ugnayan at magtanong sa mga taong bumubuo sa organisasyon.

Para sa Media Lakbay-Aral na ito, hindi lamang ipinakilala sa mga kalahok na media ang *grass-roots operation* ng mga institusyong pampinansyal ng CARD MRI, ngunit binigyan din sila ng makasaysayan at makabuluhang paglilibot sa bayang sinilangan ng CARD MRI.

Sa pangunguna ng CARD MRI Hijos Tours, ang lahat ay bumisita sa ilang makasaysayang lugar sa San Pablo City.

Ang programang Lakbay-Aral ay dinaluhan nina: Rosalinda Dimaisip (Kolumnista sa Philippine Herald News Expose), Maria Dona Carabio-Aranguren (Publisher ng Laguna Courier), Susan Crisostomo (Publisher ng Laguna Express), Jessica Cabactulan (Publisher ng Ronda Balita), Joel Cabactulan (Associate Publisher sa Ronda Balita), Carmi Isles (Correspondent ng Radyo Pilipinas Lucena), Sean Austin Raffio (Correspondent ng The Daily Guardian), Ma. Carla Natividad (Correspondent ng Balitang Hilaga), and Jamaica Barbas (Correspondent ng Luzon News Correspondent).

Ang mga *media practitioner* ay dumalo sa *center meeting* sa Bay at Victoria, Laguna upang lubos nilang maunawaan ang puso ng operasyon ng CARD MRI at kung paano tumutulong ang CARD MRI sa mga lokal na komunidad. Nakapanayam din nila ang dalawang kliyente ng CARD Bank upang mas maunawaan nila ang proseso ng kanilang pag-unlad kasama ang institusyon.

Matapos nito ay nagkaroon din sila ng *campus tour* sa CMDI Bay upang makita nila ang pasilidad ng paaralan at maunawaan ang mapagkumbabang panimla ng CMDI.

Nagsagawa rin ng isang *media briefing* kasama ang mga lider ng iba't ibang institusyon ng CARD MRI upang mas malalim nilang maunawaan ang CARD MRI at maayos nilang maproseso ang kanilang mga natutuhan sa mga naunang aktibidad na kanilang ginawa.

Para sa huling dalawang *quarter* ng taon, ang CARD MRI ay inaasahang magdaraos ng dalawang Media Lakbay-Aral sa Visayas at Hilagang Parte ng Luzon.

## CARD SME BANK, BINUKSAN ANG IKA-37 SANGAY NITO SA VALENCIA CITY, BUKIDNON

*ni Harlene Joy Reyes*

Binuksan ng CARD SME Bank, isang *thrift bank*, ang pinto ng kanilang ika-37 sangay sa Valencia City, Bukidnon noong Hulyo 18, 2022.

Ang tagumpay na ito ay dinaluhan nina CARD SME Bank President and CEO Cynthia B. Baldeo, Senior Management Adviser Mary Jane Perreras, Board of Director Chona Felisidario, at Vice President for Operations Cherry Boncajes, at mga empleyado at kliyente ng CARD MRI.

"Ang tagumpay ng CARD SME Bank ay maaaring maiugnay sa mga taong walang pagod at patuloy na nagtatrabaho upang itaguyod ang kultura at kahalagahan ng CARD na kung saan ito ang naging sentro ng mga serbisyong inihahatid natin sa kapwa nating mga Pilipino," ani Baldeo. Idinagdag din niya na ang pagpapalawak ay isa pang hakbang tungo sa layunin ng CARD MRI na puksain ang kahirapan sa Pilipinas.

Bilang bahagi ng pangako nito sa pagpuksa sa kahirapan, ang CARD SME Bank ay patuloy na magbibigay ng kakayahan sa kababaihan at sa kanilang mga pamilya sa

4

# BotiCARD, nagbukas ng dalawang bagong parmasya

*ni Josephine Ramos*

Binuksan ng BotiCARD ang dalawang sangay nito sa Agoo, La Union at Atimonan, Quezon noong Hulyo 25 at Agosto 15. Sa ngayon ang parmasya ay mayroon ng kabuuang 14 na sangay sa buong bansa. Layunin ng pagpapalawak ng sangay na ito na madagdagan ang mga komunidad na kanilang nahahatiran ng produkto at serbisyong pangkalusugan.


"Kaakibat ng pagputol sa siklo ng kahirapan ay ang pagpapabuti ng kalusugan ng mga tao gayundin ang pagbibigay sa kanila ng dekalidad na mga produkto at serbisyo na kanilang kinakailangan. Ito ang kontribusyon ng BotiCARD sa misyon ng CARD MRI na wakasan ang kahirapan," pagsasaad ni BotiCARD President Rosenda P. Aquino.

Ang mga mamamayan dito ay mayroon ng karagdagang akses sa mga abot-kayang

4

# ISANG BASKET NG...

1




*Natagpuan ng 46 na taong gulang at ina ng kaniyang tatlo anak, na si Mary Jane Pascua ang mga biyaya ng buhay sa isang katutubong basket na tinatawag na tiklis.*

Jane Pascua na mabigyan ng magandang buhay ang kanyang mga anak. Ito ang dahilan kung bakit siya nagsusumikap na maging isang negosyante para na rin maitaguyod niya ang kanyang mga anak, na itinuturing niyang malaking inspirasyon.

Noong 2012, gumawa siya ng malaking hakbang sa pamamagitan ng pagsali sa CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* na nakatuon sa paghahatid ng *microfinance loans, savings,* pati na rin ang iba pang programa at serbisyong makapagpapaunlad sa mga negosyo, at pamilya ng mga kliyente nito. Noong una, nakahiram siya ng pangkapital sa bangko at ginamit niya ito para makapagsimula ng kanyang tindahan.

Gayunpaman, hindi sapat ang kita ng kanyang sari-sari *store* upang matugunan ang pang-araw-araw nilang pangangailan pati na rin ang pag-aaral ng kanyang mga anak. Masyadong malaki ang pagpapahalaga ni Mary Jane sa edukasyon ng kanyang mga anak kaya hangad niyang makapagtapos ang mga ito. Noon niya naisipan na kumuha ng *educational loan* para mabayaran ang pangmatrikula ng kanyang mga anak.

Sa wakas, ang kanyang panganay na anak ay naging ganap ng *electrical engineer.* Dahil dito, itinuturing niyang produkto ng CARD Bank ang tagumpay na ito ng kanyang anak. Bilang resulta, naging mas maayos ang kanilang pamumuhay at nakapagpatayo sila ng bagong negosyo.

**Hanapbuhay**

Ang tiklis ay isang malaking katutubong basket na gawa sa kahoy na kawayan o rattan na ginagamit sa pag-imbak ng mga inaning prutas at gulay. Humiram siya ng pangkapital sa CARD Bank. Sa pagkakataong ito ginamit niya ang pera bilang puhunan para makabili ng mga materyales at kagamitan na kailangan para makagawa ng tiklis. Ito ang negosyong lubos na nagpabuti sa kalidad ng kanilang pamumuhay. Habang tumataas ang halaga ng nahihiram niyang pangkapital, nagsimula na rin siya ng panibagong negosyo–ang pagbebenta ng liquefied petroleum gas (LPG) sa kanilang lugar.

Sa ngayon, ang negosyo niyang tiklis ang sumusuporta sa edukasyon ng kanyang dalawa pang anak, na sa kasalukuyan ay pareho ng nasa kolehiyo. Malaki ang pasasalamat niya sa CARD Bank dahil bukod sa *educational loan*, mayroon na rin siyang *savings* at *insurance* na maaari niyang magamit kapag kakailanganin. "Kahit matapos na sa pag-aaral ang aking mga anak, hindi pa rin ako aalis sa CARD Bank," pagtatapos ni Mary Jane.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip, Aristeo A. Dequito, Marilyn M. Manila — Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno — Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan — Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan — Associate Editor
Albert A. Dayag, Ervin M. Calabia, Medel E. Valencia, Berwyn D. Buenaseda — Layout Artists
Victor Angelo U. Aranza, Harlene Joy F. Reyes, Josephine M. Ramos, Tricia Mandigal — Writers

# BotiCARD, nagbukas ng ng dalawang bagong...

generikang gamot. Habang isinusulong ng BotiCARD ang pagtangkilik sa mga generikang gamot, mayroon din namang *branded medicines* na mabibili rito. Sa pagbubukas ng mga naturang botika, nagbigay rin ang BotiCARD ng 20% diskwento sa mga generikang gamot at libreng konsultasyon para sa mga taong dumalo sa pagbubukas ng parmasya.

Paliwanag ni Aquino, "Ang *generic medicines* ay may kaparehong *dosage*, kalidad, at bisa na katulad ng kanilang katapat na mga *brand-name*, ngunit sa mas mababang presyo na kayang bilihin ng karamihan."

"Maraming Pilipino ang walang akses sa mura at abot-kayang mga pangangailang pangkalusugan. Naiintindihan ng BotiCARD kung gaano kahalaga ang kalusugan upang malabanan ang kahirapan. Ang pagpapalawak na ito sa iba't ibang parte ng bansa ay isang patunay na buhay ang ating pangakong makapagbigay ng dekalidad at abot-kayang serbisyong pangkalusugan," dagdag pa ni Aquino.

Pormal na naiparehistro sa Securities and Exchange Commission ang BotiCARD noong Mayo 11, 2011. Ang BotiCARD ay isa sa mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, grupo ng institusyon na mayroong iisang misyon na wakasan ang kahirapan at mapabuti ang buhay ng bawat pamilyang Pilipino. Matatagpuan ang dalawang bagong sangay ng BotiCARD sa Cases Boulevard, Sta. Barbara 2504, Agoo, La Union at sa Juez Andrez Street, Zone 4, Poblacion, Atimonan, Quezon. Sa ngayon, ang BotiCARD ay nakapaglingkod na sa 1.5 milyong kliyente sa buong bansa.



*Pinangunahan nina CARD SME Bank Senior Adviser Mary Jane Perreras, CARD SME Bank President and CEO Cynthia Baldeo, at Board of Director Chona Felisidario ang ribbon cutting ceremony sa pagbubukas ng ika-37 sangay ng CARD SME Bank sa Valencia City, Bukidnon.*

# CARD SME BANK, BINUKSAN...

pamamagitan ng pagbibigay ng mga programang pinansyal at programang makapagpapaunlad ng komunidad. Ang mga kliyente sa Valencia, Bukidnon ay mayroon ng karagdagang akses sa mga produkto at serbisyo ng bangko tulad ng *SME loan, microfinance loan, savings*, at *remittance.*

"Kayo, ang aming mga kliyente, ang siyang nag-uudyok sa amin upang matupad ang aming layunin bilang isang institusyon, upang wakasan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga produkto at serbisyong naghahatid sa atin sa kaunlaran. Makakaasa kayo sa CARD SME Bank na magiging katuwang n'yo kami sa pagkamit ng inyong mga layunin," dagdag pa ni Baldeo.

Sa 1,143,401 kabuuang mga kliyenteng napagsilbihan noong Hunyo 2022, nangako ang CARD SME Bank na patuloy na palawakin ang saklaw nito sa pamamagitan ng pagpapakita ng walang kapantay na dedikasyon sa pagbuo ng mga programang makapagpapaunlad sa bansa.





